O `Abbās, O tiyuhin ng Sugo ni Allāh, hingin mo kay Allāh ang kagalingan sa Mundo at Kabilang-buhay."}

Ayon kay Al-`Abbās bin `Abdilmuṭṭalib (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ako: "O Sugo ni Allāh, magturo ka sa akin ng isang bagay na hihingin ko kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan)." Nagsabi siya: "Hingin mo kay Allāh ang kagalingan." Kaya tumigil ako nang ilang araw, pagkatapos pumunta ako saka nagsabi ako: "O Sugo ni Allāh, magturo ka sa akin ng isang bagay na hihilingin ko kay Allāh." Kaya nagsabi siya sa akin: "O `Abbās, O tiyuhin ng Sugo ni Allāh, hingin mo kay Allāh ang kagalingan sa Mundo at Kabilang-buhay."}

[Tumpak dahil sa iba pa rito] [Nagsalaysay nito sina Imām At-Tirmidhīy at Imām Aḥmad]

Humiling si Al-`Abbās bin `Abdilmuṭṭalib (malugod si Allāh dito) na tiyuhin ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) mula sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na magturo siya rito ng isang panalanging hihiling ito kay Allāh niyon. Kaya nagturo rito ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na hilingin nito kay Allāh ang kagalingan at ang kaligtasan mula sa mga salot at mga kapintasan sa buhay panrelihiyon, pangmundo at pangkabilang-buhay. Nagsabi si Al-`Abbās: "Matapos ng ilang araw, bumalik ako sa kanya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa muli, na humihiling sa kanya na magturo siya sa akin ng isang panalanging hihiling ako niyon mula kay Allāh." Kaya nagsabi siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) rito habang naglalambing dito: "O `Abbās, O tiyuhin ng Sugo ni Allāh, hilingin mo kay Allāh ang kagalingan para sa pagtulak sa bawat pinsala at paghatak sa bawat kabutihan at pakinabang sa Mundo at Kabilang-buhay."

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/2932